**PAGTALAGA NG BUONG BANSA SA MABATHALANG AWA**

*(Dasalin sa lahat ng Misa tuwing Ikalawang Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, bilang kapalit ng Pangkalahatang Panalangin ng Bayan)*

Kabanal-banalang Maawaing Hesus,
Ikaw ang Mukha ng Awa ng Ama.
Mula sa Awa ay tinawag Mo kami.
Na maging maawain tulad ng Ama
ang misyong ipinagkatiwala Mo sa amin.

Sa ganap na pagtitiwala at
pananalig sa Iyong walang hanggang karagatan ng pag-ibig,
itinatalaga namin ang aming sarili sa Iyo
at inilalagak ang aming sarili
sa ilalim ng pag-iingat ng Iyong maawaing pagkalinga.
Ipinagkakaisa namin ang aming sarili
sa Iyong ganap na pag-aalay,
kaisa ng Espiritu Santo, patungo sa Ama,
upang kami ay ganap na mapanibago sa Iyong Awa.

Maawa Ka sa amin
dahil sa digmaan ng mga bansa
at sa mga pananakot na gumugulo sa bawat isa sa amin.
Maawa Ka sa amin
sa malawakang pagkakasala laban sa katotohanan
at sa mga karumal-dumal na kasalanan
laban sa katarungan at pagkakapatiran ng sangkatauhan.
Maawa Ka sa amin
sa mga kalapastanganang ginawa laban sa Iyong
Mabathalang Awa
at sa kasuklam-suklam na panlilibak sa mahihina at mahihirap.
Maawa Ka sa amin
sa mga pang-aabuso sa dangal ng tao,
mga kasalanan laban sa buhay, pag-ibig, at pamilya.

Tulungan Mo kami, O Panginoon,
na maipamalas namin ang Iyong Awa sa aming kapwa.
Ingatan Mo kami bilang Iyo,
nang sa oras ng pagsubok ay ‘di kami mawalan ng pag-asa,
kundi may lubos na pagtitiwala
ay magpasakop kami sa Iyong Banal na Kalooban.

Gawin Mo kaming kasangkapan ng kaaliwan sa iba,
lalo na sa mga nawalan na ng pag-asa
at hindi na nagtitiwala sa Iyong Awa.
Nawa’y makilala ng lahat ng tao
ang Iyong hindi masukat na Awa,
magtiwala sa Iyong Awa, at luwalhatiin ang Iyong Awa
magpasawalang hanggan.

Hesus, Hari ng Awa,
kami’y nananalig sa Iyo.
Kami’y Iyo nang lubos.
Amen.